# Ang Dalawang Pinakamahabang Araw sa Kalye Sinupi

*Rossite Ramilo*

May private message akong natanggap nang umagang iyon. Kakaiba mula sa mga karaniwang natatanggap ko na tungkol sa trabaho.

Tinatanong sa akin kung totoo raw ba na may PUI na namatay sa kabilang iskinita. Dahil hindi naman ako likas na nakasasagap ng balita kahit pa sa mga kapitbahay namin, nag-reply muna akong tatanungin ko pa si Mama tungkol sa usaping iyon. Si Mama kasi ang madalas na lumalabas ng bahay dahil may quarantine pass siya. Si Papa naman ay senior citizen na kaya madalas ay nasa bahay na lang. Mayroon din akong quarantine pass dahil isa akong APOR ngunit napag-usapan na namin sa pamilya na si Mama lang ang mamamalengke. Isa pa, tindera siya kaya mas kabisado niya ang mga patakaran doon ngayon.

Kinumpirma ni Mama na pumanaw nga ang PUI ngunit walang katiyakan ang naging sanhi nito. Dahil suspected Covid-19 case si Manong Artemio o Artem sa mas popular niyang bansag ay ipina-cremate kaagad ng LGU ang bangkay niya kahit hindi pa lumalabas ang resulta ng swab test na naunahan pa ng kanyang kamatayan. Kasagsagan ng ECQ sa buong Pilipinas ngayon at ang mga kalagayang pangkalusugan at biglaang pagkamatay ay tiyak na sa Covid-19 kaagad naikokonekta. Kung nakakitaan naman ng mga sintomas nito, tiyak na pagpasok pa lamang ng pasyente sa ospital ay Covid-19 na kaagad ang suspetsa. Sabi naman ng mga kamag-anak ni Manong Artem ay may sakit na siyang nararamdaman bago pa magkapandemya. Nakalala pa sa umiiikot na usap-usapan tungkol sa dahilan ng pagkamatay

niya ang naunang kumalat sa isang group chat ng mga kabataang taga-rito sa barangay. Screenshot na post iyon sa facebook. Humihingi ng tulong ang isang dalagita dahil ang kapatid niya ay hindi makahinga, may tuyong ubo at nilalagnat. Malinaw na sintomas ng Covid-19. Nagpapasaklolo siya sa ambulansiya mula sa munisipyo pero sa umaga pa ng susunod na araw magkakaroon ng bakante. Marami ng mga naunang nagpa-iskedyul nang paghatid at pagsundo sa mga ospital. Ang tinutukoy na kapatid sa post na iyon ay nakatira sa kahilerang bahay nila Manong Artem.

Hindi naman maiwasang maglabas din ng sama ng loob at pagkabahala ang anak niyang si Aling Joy sa isang facebook post nito dahil sa mga natanggap nilang diskriminasyon mula sa mga komento at mga haka-haka tungkol sa pagkawala ng kanyang ama at sa kanilang pamilya. Ibinulalas din niya ang pagkadismamaya sa nangyaring pag-cremate sa bangkay ng kayang tatay. Ngunit kapansin-pansin na hindi naman niya maipaliwanag ang totoong resulta ng mga lab test ng pumanaw para mabigyang diin niyang hindi nga ito iginupo ng Covid-19. Kung nabigyang linaw iyon ay natanggal sana silang mga kapamilya sa listahan ng mga close contact. Kitang-kita ang silakbo ng kanyang damdamin sa post niya kaalinsabay din nang paghingi ng tulong mula sa mga kinauukulan tungkol sa kanilang kalagayan. Halo-halong damdamin mula sa isang anak na hindi na rin alam kung paano ang pagluluksang gagawin gayong siya mismo at ang kanyang pamilya ay nakabilad sa alanganin.

Biglang lockdown sa kabilang iskinita. Nadamay ang Kalye Sinupi. Katalikurang iskinita at bakod lang ang pagitan ng aming mga bahay. Ikalawang lugar ito na nai-lockdown sa aming bayan. Nakakakaba. Nakagagalit din sa isang banda. Idiniklera na pala ng local IATF na Person Under Investigation na si Mang Artem sa Covid-19 pero nakalabas pa sa bahay nila. Pilit ko ring inalala kung may nagbantay ba sa kanila para sana naiwasan ang ganitong pangyayari. Ngunit wala. Ang tigas naman kasi talaga ng ulo ni Manong Artem. Nagbiyahe pa pala siya sa Tarlac noong nakaraang linggo bago mag-lockdown para umangkat ng mga panindang pakwan. Hanapbuhay iyon ng pamilya nila kaya kahit may pandemya ay tuloy lang ang kanilang pagkayod. Sabi ni Mama ay nakalakihan na ni Manong Artem ang trabahong iyon mula kay Lola Juling.  Mas kilala ko si Lola Juling dahil noong bata pa ako ay may puwesto kami sa lumang pamilihang bayan. Sila

ang magkakasama nila Mama na nagtitinda sa gawing dulo ng palengke. Marahil hindi na iniinda ni Manong Artem ang nararamdaman dahil mas iniintindi nito ang kikitain lalo na at napakahirap ang kalagayan na mahinto ang pasok ng pera ngayong pandemya. Wala kasi silang ibang pinagkukuhanan ng kita.

Ibinarekada ng mga pulis ang magkabilang iskinita namin. Tuluyang nawalan ng sigla ang araw na iyon. Sanay akong maingay ang aming paligid dahil nasa kabilang panig ng bakod namin ang mismong palengke. Nakapalaman ang Kalye Sinupi sa kalye nila Manong Artem at ng palengke. Paglabas sa makitid naming iskinita ay Maharlika hi-way na. Ang harapan ng mga iskinita namin ay naglalakihang establisyimento na nagpapakita ng pag-unlad sa aming bayan.

Ang bungad na gusali paglabas sa maliit na kanto ng Kalye Sinupi sa gawing kanan ay ang building na ipinagawa ng mga Lopez. Ang mga anak ni Sir Romy ang nagpatayo ng bagong 2-storey building na iyon. Isang pizza parlor na negosyo ng ikalawang anak niya, tindahan ng fertilizer ang kay Kuya Joel, at dental clinic naman ang kay Doc Joy sa dulo. Sa ikalawang palapag ay ang bahay nila. Palay buying station iyon dati. Gumuho ang pader ng lumang bodega nila ng palay na iyon dahil sa lindol noong 1990. Humarang sa iskinita ang kaban-kaban na palay. Isa iyon sa mga hindi makalilimutang trahedya na nasaksihan ng Kalye Sinupi. Katabi ng Lopez Building ang Mercury Drug Store na pag-aari naman ng mga Ferrer. Naging kaklase ko noong elementarya ang ikalawang anak ng mag-asawang Ferrer na si Papie. Siya na ngayon ang namamahala sa gasolinahan na pag-aari ng kanilang pamilya. Maliban pa ito sa construction at trucking na hawak nila. Sa Mercury nakahilera ang mga bahay nila Manong Artem at ng kaniyang pamilya.

Sa gawing kaliwa naman paglabas ng Kalye Sinupi ay ang maliit na pwesto nila Ate Belen ng rentahan ng mga gown. Katabi nito ang pinauupahan nilang pwesto sa Marasigan Bakery. Iyon ang ikalawang bakery ng pamilya Marasigan. Ang unang puwesto nila ay nasa lumang palengke noon. Nakatayo pa rin naman iyon hanggang ngayon. Kung maglalakad ka pa at malagpasan ang panaderya ay makapapasok ka na sa mismong pamilihang bayan. Noong nasa elementarya ako ay puro bukid lang ang

matatanaw paglabas ng aming iskinita. Tanging ang Ferre Shell Gas Station lang na nasa sa kabilang panig ng hi-way ang makikitang malaking establisyimento sa aming purok. Kitang-kita ang naging unti-unting pag-unlad sa Kalye Sinupi sa pagdaan ng mga taon. Napakaraming pagbabago. Mas binago ito ng pandemya sa kasalukuyan ngunit kasalungat nito ang kinalabasan sa lugar namin.

Kasama kaming mga taga-Kalye Sinupi sa mga hindi maaaring lumabas kahit sa bahay man lamang dahil kasalukuyan ang contact tracing sa mga nakasalamuha ni Manong Artem. Napakahirap makipagsapalaran. Hindi namin nakikita ang virus. Biglang tumahimik ang aming kapaligiran. Parang may dumaan na anghel na nagbudbod ng kanyang mahiwagang alikabok pampatila. Nawalan ng sigla ang paligid na aming kinasanayang masigla. Palaging maingay dahil sa mga sasakyan na nagdaraan kahit pasikat pa lang ang araw. Nawala rin ang kumpulan ng mga mamimili. Madalas pa kasi ay sa aming iskinita sila umiikot ng daan palabas dahil ginawang one-way na ang kalsada papasok sa palengke. Nakabarekada ito ngayon. Biglang kinatakutan ang Kalye Sinupi.

Sa unang gabi ng aming lockdown ay walang mapaglagyan ang aming pag-aalala. Nakabibingi ang katahimikan sa aming bahay. Kahit ang mga kuliglig na dating musika sa pagtulog ko ay tila ikinulong na kusa ang kanilang mga sarili sa kasulok-sulukan ng kanilang lungga. Tila nakaramdan din ng kakaiba ang mga anak ko kaya maaga silang natulog. Nababasag lamang ang katahimikan ng gabi sa panay na pag-ikot ng patrol sa magkabilang iskinita.

Walang kibuan ang lahat. Mga mata lamang ang malikot ngunit ang mga katanunga'y naghuhumiyaw sa aming mga isipan. Nakatutuliro ang bilis ng mga ganap sa aming buhay ngayon. Ang tanging maingay lang ay ang pagtunog ng cellphone ko dahil sa social media, chat, at mga text na lang ako nakakukuha ng balita. Iniisip kong i-chat si Ma'am Ofe. Master Teacher namin siya sa Central at kapitbahay namin na nakatira sa dulo ng Kalye Sinupi. Gusto kong itanong kung may barikada rin ang daan sa kanila paakyat sa irigasyon. Ngunit naunahan iyon ng pagkukuwento ni Papa sa amin habang kumakain ng hapunan. Narinig niyang sinabi nang rumorondang tanod na nakabarikada nga ang magkabilang dulo ng iskinita

namin at walang makalalabas, tao man o sasakyan. Kinausap ko ang aking mister kung paano ang magiging set-up namin sa kinabukasan dahil may pasok siya. Nakadepende kasi ang tagal ng aming lockdown sa magiging resulta ng contact tracing.

Tinanong kong mabuti si Mama kung nakasalamuha niya nang malapitan si Manong Artem dahil naikwento niyang nakita pa niya ito ilang araw bago maibalitang binawian na ng buhay. Nakikipagkuwentuhan raw ito kina Kuya Anseng, ang nakatatandang kapatid ni Ate Belen, at sa iba pang tricycle driver sa labasan pagdaan niya galing sa palengke. Hindi siya gumawi sa puwesto ni Manong Artem na nakatayo sa gilid ng Shell. Pasigaw daw siyang binati nito. Kumaway naman daw siya at pasigaw din na sumagot sa pangungumusta nito. Diretso nang pumasok si Mama sa iskinita pagkatapos. Kilala ko si Mama. Simula nang tumama ang pandemya ay nagkaroon na kami ng masinsinang usapan na kailangan naming lahat na mag-ingat. Ang pakikipag-umpukan katulad ng mga nakasanayan na ng magkakapitbahay noong lumang normal ay dapat nang iwasan bilang pagtalima sa health protocol. Ibayong disiplina ang kakampi ng lahat sa panahong walang katiyakan ang kaligtasan mula sa virus.

Hindi ako nakatulog kaagad kahit maaga kaming nagpasyang humiga. Iniisip ko ang mga anak ko. Nagdarasal ako pamaya't maya na sana ay maging maayos na ang kalagayan namin kinabukasan. Hinihiling ko na sana ay huwag naming pagdaanan ang katulad na sitwasyon nila Manong Artem. Maliliit pa dalawang anak ko at sila rin ay bawal ma-expose sa virus. Isa pang nakatatakot isipin ay ang ma-discriminate at mapukol ng mga tao ng mga kaisipang hindi nakatutulong sa mental health ng bawat isa. Ang pagdanas sa pandemyang ito ay isang malaking trauma para sa lahat kung kaya hindi dapat ituring na basta lamang.

Hungkag ang aking pakiramdam kinabukasan. Hindi pa rin ako makapaniwala. Nasilip ko sa aming bintana na nagtangkang dumungaw sa bakod nila si Tita Rose Joy. Magkatapat kami ng bahay. Tuwing umaga ay katulad ko rin siyang abala sa pag-aasikaso ng mga halaman. Iba ngayon. Hindi kami nagdilig at tahimik lang na nakamata sa galaw ng isa't isa. Pero sa totoo lang ay nag-aabangan kami kung sino ba ang mas malakas ang loob na lalabas sa bakuran. Nakahanda rin naman kaming sumunod kapag

nangyari iyon. Biglang lumitaw sa likuran niya ang asawa niyang si Tito Cenon at binuksan ang kanilang gate. Tumalungko ito roon at sumadal ng bahagya. Tila natatakot din na mahiwalay sa anumang parte ng kanilang bahay. Hindi na rin nakatiis si Mama. Dumungaw din siya at tinanong si Tita Joy kung paano ang pagkain naming lahat ngayong maghapon. Hindi na rin nakapagpigil ang mag-asawang Osie at Alex na kahilera ng aming lote ang bahay. Halos magkakasabay na lumabas sa kanilang bahay ang iba pa naming mga kapitbahay. Tila mga batang nag-aabang ng parada. Nagkakawayan at naglilingunan. Namataan ko sila Biboy, Manong Red, Aling Ema, kasama na rin ang mga Muslim na nangungupahan sa bandang gitna ng Kalye Sinupi. Suki sila ni Mama lalo na ang mga anak nila sa panindang itlog, noodles, yelo at softdrinks mula sa aming munting Sari-sari store.

Nagkumustahan kaming magkakapitbahay. Kapansin-pansin ang pagkasabik ng bawat isa na makalanghap ng hangin sa labas ngunit may halong pangamba sa susunod na pagkilos. Nakagagaan ng kalooban ang ganoong pangyayari. Nakahanap kami ng kakampi at karamay sa isa't isa. Palibhasa ay madalas na wala ng panahon sa mga bagay na katulad nito dati dahil abala ang bawat isa sa mga trabaho at sa pag-aasikaso ng karamihan sa personal na mga gawain. Pagkayaring magtanungan ng lahat ay kusa namang nagsipasok na sa kani-kaniyang bahay.

Sampung minuto bago mag-alas-otso ng umaga ay nakarinig ako ng tunog ng motor. Dumaan ang asawa ni Ma'am Elsa na nakasakay sa serbis niya. Napatayo ako. Nakagugulat dahil naka-uniporme siya at nakahandang pumasok. Sikyu siya sa Fico Bank. Hindi iyon kalayuan dito sa amin. Napadungaw kaming lahat sa mga tarangkahan namin at sinubaybayan kung makalalabas siya. Parang eksena sa pelikula ang ganap. Nakita namin na pinigilan siya ng dalawang pulis na naka-duty sa barikada. Kinakausap siya at makikita sa galaw nilang hindi nga siya pinayagang makalabas. Hindi nagtagal ay dumaan naman si Ma'am Elsa at papunta na sa kanto. Hawak niya ang cellphone niya. Marahil ay tinatawagan siya ng kanyang asawa upang kasama niyang magpaliwanag kung bakit kailangan niyang lumabas. Ang mga empleyadong katulad kasi niya sa mga pribadong kumpanya ay No Work, No Pay ang patakaran. Maliit ang sahod. Kapag nakaltasan pa iyon ay napakalaking bagay na ang mawawala sa kanya bilang pamilyadong

tao. Pagkalipas pa ng limang minuto ay pabalik na silang mag-asawa sa kanila. Walang kibuan. Kahit kami.

Alas diyes ng umaga nang biglang may anunsiyo sa kanto. Inutusan ni hepe ang tagabantay sa barikada. Ang lahat ng padre de pamilya sa bawat bubong ay papayagang lumabas para kumuha ng ayuda mula sa barangay. Sa isang iglap ay tila mga langgam ang mga haligi ng aming mga tahanan na nakapila sa rasyong tatlong kilong bigas, limang noodles at limang de lata. Ang mga kapitbahay namin na matagal ko ng hindi nakikita ay namataan kong muli sa pagkakataong iyon. Noong kabataan namin, kapag may rasyon ay ang mga magulang namin ang lumalabas para sa relief goods. Ngayong pandemya ay sila na ang naiiwan sa loob ng bahay. High risk sila sa virus. Wala pang natutuklasan na bakuna sa kahit saang panig ng mundo upang malunasan na ang Covid-19.

Sa buong umagang iyon ay panay pa rin ang tanaw namin sa labas ng iskinita. Dilaw na tali sa bakal na barikada lang naman ang makikita sa dulo. Umaasa kaming tatanggalin na kasi ng mga pulis ang harang na bakal sa harap tutal ay nakaharang din ang patrol sa kanto. Hiniling din kasi iyon ng mga kapitbahay namin para naman ang paghinga ng bawat isa ay lumuwag. Ngunit walang nangyaring ganoon sa buong maghapon.

Pagsapit ng gabi ay kasinglungkot nang kadiliman ang aking pakiramdam. Mas malungkot pa kaysa nagdaang magdamag. Nadagdagan din ang bigat sa aking dibdib kahit wala naman akong iniindang sakit. Nakatatakot na talaga. Napapaisip ako kung ano na ang gagawin namin kinabukasan lalo na ang mga anak ko. Naiinip na sila sa loob ng bahay. Pinagbawalan ang lahat na lumabas muli ng bakuran dahil nagpa-disinfect ang IATF sa magkabilang isikinita. Napakabata pa nila para maranasan ang ganitong bagay at mamulat na ang kanilang kabataan sa Kalye Sinupi ay gugugulin lang nila sa loob ng aming bahay. Hindi man lang sila makatakbo at makapaglaro sa sariling bakuran namin. Napagtanto ko bigla na masuwerte ako sa aking naging kabataan. Naabutan ko ang panahong walang masyadong gadget pero ang makapaglaro ng harangan-taga at patintero sa masikip na Kalye ng Sinupi ay ang pinakamasarap na version ng ML kung istratehiya lamang sa laro ang pag-uusapan.

Naputol ang aking pagmumuni-muni nang biglang may anunsiyo ang tanod na umiikot. Kasabay nang tahulan ng aming mga aso ang pasigaw na sinabi nito, "Tatanggalin na po ang barikada ninyo bukas. Yari na po ang contact tracing. Maaari na po kayong lumabas."

Parang fiesta bigla sa aking kalooban. Ibig sabihin ay wala sa Kalye Sinupi ang close contact. Gumaan ang aking paghinga. Panandaliang kalayaan ang pagtanggal sa barikada ng aming iskinita. Ngunit hindi pa rin dito nagwawakas ang lahat. Nakakulong pa rin ang karamihan sa apat na sulok ng kanilang mga tahanan upang iiwas ang sarili sa nakamamatay na virus. Habang hinihintay naming magkakapitbahay na mabakunahan ang lahat ay nakakahon pa rin ang Kalye Sinupi.

Hindi pa rin tiyak ang magiging hinaharap para sa amin pagkatapos ng dalawang araw na lockdown. Mahaba pa ang aming lakbayin upang makaahon mula sa tila bangungot na karanasan. Ang mga nakasanayang kumustahan at saglit na kuwentuhan nang magkakaharap tuwing umaga ay maaaring matagal pang maibalik kagaya ng dati. Ang katotohanang pinanghahawakan na lamang namin ay magpapatuloy pa rin ang buhay sa Kalye Sinupi. Katulad ito nang patuloy na pagkasanay naming basahin na lamang ang mga ngiti sa likod ng suot na facemask sa bihirang pagkakataon na may makasasalubong kami sa makitid na iskinita.